



## Pag-i-invest sa Ginto

Nakakakita ka ng mga anunsyo sa telebisyon at online, at naririnig mo ang mga ito sa radyo: agresibo nilang ipinahahayag na isang solidong investment ang ginto. Totoong paminsan-minsan ay ginagamit ng mga tao ang ginto upang mapag-iba-iba ang kanilang investment portfolio: nakakatulong ito bilang pananggalang sa implasyon at kawalan ng katiyakan sa ekonomiya. Ngunit gaano karaming ginto ang bibilhin, sa anong anyo, sa anong halaga, at mula kanino, ay napakahahalagang katanungang dapat sagutin bago gawin ang investment na iyon.

Sinasabi ng Pederal na Komisyon ng Kalakal (Federal Trade Commission, FTC), ang ahensyang pumuprotekta sa mamimili sa bansa, na kung interesado kang bumili ng ginto, magsaliksik bago mag-invest. Ang ilang mga nagpo-promote ng ginto ay hindi naghahatid ng kung ano ang kanilang ipinangako, at maaaring himukin ang mga tao sa isang investment na hindi tama para sa kanila.

## Ang Lahat ng Ginto ay Hindi Nililikha sa Parehong Paraan

Maaari kang bumili ng ginto sa iba't ibang paraan:

*Gold Stocks at Funds* – Ang pagbili ng stock sa isang kumpanyang nagmimina ng ginto o pagbili sa isang mutual fund na nag-i-invest sa gold bullion ay isang karaniwang paraan ng pag-invest sa ginto. Ang karamihan sa mga brokerage na kumpanya ay bumibili at nagbebenta ng mga pinansyal na instrumentong ito. Ang gold stocks at mutual funds ay maaaring maghandog ng higit pang liquidity kaysa sa aktwal na ginto, at hindi kinakailangan ng isang investor na mag-imbak o protektahan ang mga investment na ginto na binili sa ganitong paraan. Dahil dito, ang anumang gold stock o mutual fund na investment ay maaaring magdala ng likas na panganib at maaaring bumaba ang halaga anuman ang presyo ng ginto. Ang gold stocks at funds ay dapat lamang bilhin mula sa mga lisensyadong broker ng kalakal. Maaari mong tingnan ang katayuan ng rehistrasyon at kasaysayan ng pagdidisiplina ng anumang kumpanya ng futures o broker sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa [Pambansang Asosasyon para sa Futures \(National Futures Association, NFA\)](#).

*Bullion at Bullion Coins* – Ang bullion ay isang maramihang dami ng mamahaling metal na kadalasan ay ginto, planino, o pilak, na tinatasa sa pamamagitan ng timbang at karaniwang hinuhubog bilang mga ingot o bareta. Ang mga dealer at ilang bangko at brokerage ay nagbebenta ng bullion. Ang bullion coins ay hango sa



## FEDERAL TRADE COMMISSION PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

mamahaling metal – na karaniwan ay ginto, platino, o pilak – at pinananatili bilang isang investment. Hindi ginagamit ang mga ito sa pang-araw-araw na kalakalan. Ang halaga ng bullion coins ay kadalasang nalalaman sa pamamagitan ng nilalaman nitong mamahaling metal sa halip na ang pagiging pambihira at kondisyon.

Maaaring magbago ang mga halaga sa buong araw, depende sa mga presyo ng mga mamahaling metal sa mga merkado sa mundo. Ang mga coin dealer at ilang bangko, brokerage na kumpanya, at mga dealer ng mamahaling metal ay bumibili at nagbebenta ng bullion coins. Ang U.S. Mint ay nakalikha ng ginto at pilak na bullion coins para sa mga layunin ng investment simula 1986 at nagsimulang lumikha ng platinong bullion coins noong 1997. Ginagarantiya ng U.S. Mint ang timbang, nilalaman, at pagkadalisay ng mamahaling metal na kanilang nililikha.

*Mga Makokolektang Coins* – Ang coins na ito ay may kahalagahan sa kasaysayan at kagandahan para sa mga nangongolekta ng coins. Karamihan sa makokolektang coins ay may halaga sa merkadong mas malaki sa aktwal na halaga o nilalaman ng mga metal nito. Ang halaga ng makokolektang coin na ito ay kadalasang tinatawag na numismatik na halaga. Ang mga dealer ng coin na nagbebenta ng makokolektang coins ay kadalasang may mahahalagang coins na minamarkahan ng mga propesyonal na serbisyo, ngunit ang pagmamarka ay maaaring naayon sa tao.

### Mga Katotohanan Tungkol sa Pagbili ng Ginto

Anuman ang anyo ng ginto kung saan ikaw ay mag-i-invest, isaalang-alang ang mga unibersal na katotohanang ito:

- Pabagu-bago ang presyo ng ginto sa pagdaan ng panahon. Walang garantiyang ang ginto ay mapapataas – o kahit mapapanatili – ang halaga nito.
- Ang mga presyong ipinapataw ng mga dealer ng coin, bangko, brokerage na kumpanya, at dealer ng mamahaling metal para sa mga produkto ng ginto, gaya ng bullion at coins, ay halos kadalasan mas mataas kaysa sa halaga ng gintong nakapaloob sa mga produkto. Kaya't mabuting ikumpara ang mga presyo bago bumili.
- Sinasabi ng ilang nagbebenta na maaaring kumpiskahin ng gobyerno ang ginto. Sinasabi ng iba na ang mga "maiuulat" na transaksyon ay nauuwi sa pagkukumpiska. Ngunit sinasabi ng ibang nagbebenta na ang modernong bullion coins na nilikha ng U.S. Mint ay napapailalim sa pagkukumpiska habang ang makasaysayan o makokolektang coins ay hindi. Paminsan-minsan, ang mga pahayag na ito ay nagdudulot sa mga taong bumili ng makasaysayang coins sa mga presyong higit pa sa halaga ng mga ito. Walang



kasalukuyang pederal na batas o regulasyon ng Kagawaran ng Pananalapi ang sumusuporta sa alinman sa mga pahayag na ito.

## Mag-imbestiga Bago Ka Mag-invest

Bumibili ka man ng gold stocks at funds, bullion at bullion coins, o makokolektang coins, sinasabi ng FTC na manaliksik ka muna:

- Kung bumibili ka ng bullion coins o makokolektang coins, itanong ang halaga pagkatunaw ng coin – ang pangunahing likas sa halaga ng bullion ng coin kung ito ay tinunaw at ibinenta. Ang halaga pagkatunaw ng halos lahat ng bullion coin at makokolektang coin ay makikita.
- Kumonsulta sa may magandang reputasyong dealer o pinansyal na tagapayo mapagkakatiwalaan mo na may partikular na kaalaman.
- Kumuha ng independyenteng tagatasa ng halaga ng espesipikong produktong ginto na iyong isinasaalang-alang. Maaaring mapalaki ang tinasang halaga ng nagbebenta.
- Isaalang-alang ang mga karagdagang gastos. Maaaring kailanganin mong bumili ng seguro, isang safe deposit box, o umupa ng imbakan sa ibang lugar upang ligtas na itabi ang bullion. Ang mga gastos na ito ay makakaapekto sa potensyal sa investment ng bullion.
- Ang ilang nagbebenta ay naghahatid ng bullion o mga bareta sa isang ligtas na pasilidad sa halip na sa mamimili. Kapag bumibili ka ng mga metal nang hindi ipinahahatid, lalong mag-ingat upang masigurong mayroong metal, may kalidad gaya ng inilarawan, at may tamang seguro.
- Layuan ang mga pahayag sa pagbebenta na babawasan ang panganib o mga kinatawan sa pagbebenta na nagsasabing ang mga pagsisiwalat ng panganib ay pawang mga pormalidad lamang. Ang mga may mabubuting reputasyong kinatawan sa pagbebenta ay tapat pagdating sa panganib ng mga partikular na investment. Laging kumuha ng resibo para sa iyong transaksyon.
- Tanggihan ang "pagkilos na ngayon." Ang anumang pahayag sa pagbebenta na naghihikayat sa iyong agad na bumili ay isang palatandaang lumayo at panghawakan ang iyong pera.
- Alamin ang tungkol sa nagbebenta sa pamamagitan ng paglalagay ng pangalan ng kumpanya sa search engine online. Basahin ang tungkol sa mga



# FEDERAL TRADE COMMISSION

## PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

karanasan ng ibang tao sa kumpanya. Subukang makipag-usap offline kung posible upang malinawan ang anumang mga detalye. Dagdag dito, makipag-ugnay sa [Pangkalahatang Abogado \(Attorney General\) ng iyong estado](#) sa [lokal na ahensyang pumuprotekta sa mamimili](#). Maingat ang ganitong uri ng pananaliksik, bagaman hindi masasabing walang mintis: maaaring napakaaga para sa isang taong malaman sila ay nalinlang o makapagreklamo sa mga awtoridad.

## Pahayag Tungkol sa mga Pag-eendorso

Kadalasang ginagamit ng mga nagpo-promote ang mga sikat na tao at kilalang-kilalang personalidad upang ibenta ang kanilang mga produkto. Kapag may nagsabing, "Mag-invest sa o bumili ng ginto sa kumpanyang ABC," isipin kung ano ang makukuha nila sa deal. Ang totoo, maraming nag-eendorse ang binabayaran ng kumpanyang nasa likod ng produkto.

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Basahin ang mga publikasyong ito mula sa FTC sa [ftc.gov](http://ftc.gov) para sa karagdagang impormasyon at gabay tungkol sa pag-i-invest sa mga partikular na produkto ng ginto:

- [Pag-i-invest sa Bullion at Bullion Coins](#)
- [Pag-i-invest sa Makokolektang Coins](#)

Tingnan ang mga website na ito para sa karagdagang impormasyon:

- Komisyon sa Pangangalakal ng Futures (Commodity Futures Trading Commission) – [cftc.gov](http://cftc.gov)
- U.S. Mint – [usmint.gov](http://usmint.gov)
- Komisyon ng mga Panagot at Palitan ng Estados Unidos (U.S. Securities and Exchange Commission) – [sec.gov](http://sec.gov) at [investor.gov](http://investor.gov)
- Asosasyong Numismatik ng Amerika (American Numismatic Association) – [money.org](http://money.org)
- Pambansang Asosasyon ng Futures (National Futures Association) – [nfa.futures.org](http://nfa.futures.org)



# FEDERAL TRADE COMMISSION

## PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

- Pandaigdigang Konseho sa Ginto (World Gold Council) – [gold.org](http://gold.org)

Ang artikulong ito ay dating mababasa bilang *Pag-i-invest sa Ginto? Bakit Kailangang Magmadali? (Investing in Gold? What's the Rush?)*

May tag ng: [pagbili](#), [ginto](#), [mag-invest](#), [metal](#)

Mayo 2011